# PRAXIS FIDES
## MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC.

# AREA REPRESENTATIVE MANUAL




"Iniluwal ng isang pananaw tungkol sa buhay kung saan ang pananampalataya ay lakas na nagpapagalaw. Ito ay pag-aanyo ng katalagahan sa ganap na kaunlarang makatao na nakaugat sa kilos (PRAXIS) ng pananampalataya (FIDES)"

# AREA REPRESENTATIVE



# PRAXIS FIDES

## MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC.

#35 Paseo del Congreso, City of Malolos

---

"Iniluwal ng isang pananaw tungkol sa buhay kung saan ang pananampalataya ay lakas na nagpapagalaw. Ito ay pag-aanyo ng katalagahan sa ganap na kaunlarang makatao na nakaugat sa kilos (PRAXIS) ng pananampalataya (FIDES)

---

| | | |
|---|---|---|
| PANANAW | : | "Pinagsamang Yamang Tao,<br>Buhay na Ganap ang Tungo". |
| MISYON | : | " Magtipon Tayo't Mag-impok,<br>Makatugon at Maglingkod". |

# PAUNANG SALITA

Ang munting gabay na ito ang magpapaalala sa ating mga gawaing paglilingkod sa PRAXIS FIDES MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC. Binabati ko ang lahat ng mga AREA REPRESENTATIVES (ARs) at AREA COORDINATORS (ACs) sa pagkakaroon ng munting gabay na ito. Ito'y bunga ng inyong mga karanasan na pumanday sa inyo sa mahabang panahon ng paglilingkod. Nawa'y higit pa ninyong mapahusay ang ating mga napasimulan. Tunay na kahanga-hanga ang inyong ipinamalas na pagbibigay ng sarili upang higit pang mapaunlad ang ating asosasyon.

"Ang ikabubuti ninyo ay huwag sanang tuligsain. Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay wala sa pagkain o inumin kundi sa kabanalan, kapayapaan at kaligayahan sa Espiritu Santo. Ang naglilingkod ng ganito kay Kristo ay kalugod-lugod sa Diyos at pinagpipitaganan ng mga tao. " (Roma 14: 16-18)

MABUHAY KAYO !



**REB. MONS. LUCIANO C. BALAGTAS**
Taga-Pangulo- Lupong Patnugutan

# PASASALAMAT

"Ang Praxis Fides ay isang samahan na nagkaroon ng mayamang kahapon. Mapanghamon ang kanyang kasalukuyan. Ang pag-unlad nito mula noon hanggang sa kasalukuyan ay tunay lamang na masusukat sa pamantayan ng lalong pagpapabuti ng paggawa at makabuluhang pagtugon at paglilingkod sa mga pangangailangan ng ating buong kasapian" (Mr. Aurelio C. Joaquin, Praxis Fides, 20 taon na! Souvenir Book- Pebrero 2007)

Pasasalamat ang nais nating iparating sa lahat ng mga tao na nagsikap upang maging maayos ang ating mga gawain sa Praxis Fides. Ang panaka-nakang mga alituntunin at gabay ay nagmula rin naman sa ating mga pinagsama-samang karanasan. Mga karanasang tinipon upang maging gabay sa ngayon. Sa lahat ng mga Area Coordinator na nagbahagi upang ang munting gabay na ito ay maisa-aklat. Marami pong salamat sa inyo!



**ANTONIO F. JULIANO**
Taga-Pangulo- Lupon sa Edukasyon
Lupong Patnugutan- 2013-2014

# MENSAHE



**Papuri sa Diyos!**

Kasabay ng ating sama-samang paglinang ng ating mga sarili at kakayanan tungo sa ika-uunlad pa ng ating samahan ay nakabuo ang ating Lupon ng Edukasyon ng munting gabay na ito para sa ating mga mahal na Area Representatives ng PRAXIS FIDES MBAI.

Ang gabay na ito'y magsisilbing makabuluhang katugunan sa suportang kinakailangan ng bawat isang masisikap nating mga ARs, na silang nagsisipaghasik ng mabubuting binhi ng kaalaman at pagpaparami ng ating kasapian sa mga bayan natin dito sa Bulacan.

Nawa'y hindi lang mapagaan nito ang ating mga gawain, kundi higit na kalinawan sa ating mga produkto, mga proseso at tunay na layunin ang huwag natin makaligtaang maibahagi sa ating mga kababayan, kasapi man o hindi.

**Ang pasasalamat ay itinataas natin sa Kanya, sa mga karunungang ipinagkaloob sa bawat isa kung kaya't nabuo itong ating Munting Gabay.**

**GENER C. LUCIANO**
Punong Tagapamahala

# I. Maikling Kasaysayan, Pananaw , Misyon at Layunin

A. Maikling Kasaysayan:

- Tugon sa panawagan para sa pagpapanumbalik ng kalagayang moral at pangkabuhayan matapos ang tinatawag na EDSA revolution 1986.
- Mabigyan ng pangangailangang materyal ang mga katekistang naglilingkod sa simbahan mula sa kanilang pag-iimpok at pag-titipid sa panahon ng kanilang pagtanda.
- Patuloy na lumawak at umunlad , hindi lamang para sa mga katekista at iba pang lingkod ng simbahan kundi binuksan na rin para sa mga taong naniniwala sa layunin at simulain nito.
- Naitala sa Securities and Exchange Commission noong ika-17 ng Pebrero, 1987.
- Nakamit ang unang lisensiya mula sa Insurance Commission noong ika-11 ng Enero,1995.
- Nagdiwang ng ika-25 taong pagkakatatag noong ika-17 ng Pebrero, 2012 na may humigit-kumulang 70,000 kasapi at may Php 500M yaman.

B. PANANAW:

- "PINAGSAMANG YAMANG-TAO, BUHAY NA GANAP ANG TUNGO".
    - Ang yaman ay hindi lamang materyal na bagay o pera kundi yaman pa ring matatawag ang pagbabahagi ng panahon at kakayahan. (3 T's- Sharing of Time, Talent and Treasure).
    - Kapag naimulat ang tao sa diwa ng tunay na pagiging Kristiyano( Evangelization), makakamit natin ang ganap at kasiya-siyang buhay at pagiging ganap na tao kung atin itong isasabuhay (Jn. 10:10)
    - Hindi natin dapat tingnan kung ano ang ating makukuha dito kundi ang mahalaga ay kung ano ang ating maaaring maibigay, maipagkaloob, o maibahagi para sa ating kapwa lalo na sa mga dukha at nangangailangan( Service to others).

C. MISYON :

- "MAGTIPON TAYO'T MAG-IMPOK, MAKATUGON AT MAGLINGKOD"

  - Magtipon – magbuo, magtatag maging isang tunay na bayan ng Diyos, isang pamayanang Kristiyano na pinaghaharian ng pag-ibig, kapayapaan at pagkakapantay-pantay.
  - Mag-impok – ang pinagsama-samang yaman anuman ito ay magagamit sa pagpapaunlad ng tao hindi lamang sa materyal na bagay kundi sa kabuuan ng kanyang pagka-tao- social, political, economic, cultural at spiritual.
  - Makatugon – walang sinumang tao ang hindi makapagbibigay at walang sinumang tao ang hindi maaaring tumanggap. Karapatan ito ng bawat isa. Ang pagtugon sa mga taong nangangailangan ang unang hakbang patungo sa ating pinapangarap. Ang pagtugon ay higit *na mabisa kung magkakasama, kung nagkakaisa*.
  - Maglingkod – walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang at walang sinuman ang namamatay para sa kanyang sarili lamang. Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa. Paglilingkod ang dahilan kung bakit si Kristo ay nagkatawang-tao, upang ibahagi Niya ang pag-ibig na nag-uugnay sa Kanya at sa Kanyang Ama.

D. MGA LAYUNIN :

- MAGPALAGANAP NG KAPATIRAN.

  - Pagbubuo ng pamayanan upang maranasan ang kahulugan ng pagiging Kristiyano.
  - Pagbabahaginan ng yamang-tao.

- ITAGUYOD ANG UGALING MAG-TIPID AT MAG-IMPOK.

  - Sapilitang pag-iimpok upang makapag-ipon para sa kinabukasan, maaaring hindi para sa sarili lamang kundi para sa mga mahal sa buhay, para sa magandang kinabukasan.

- SEGURIDAD SA MGA MAHAL SA BUHAY.

  - Hindi natin tiyak ang kinabukasan , bukas makalawa ay hindi tayo nakatitiyak sa ating buhay, kailangan din natin itong paghandaan, kahit papaano mayroon tayong tatanggapin kung kaisa tayo sa asosasyon.

- PAGRERETIRO

  - Karamihan sa atin ay wala namang inaasahang pension sa panahon ng pagtanda, ito ang mahalaga kung kaisa tayo dito at mayroon tayong inaasahang tatanggapin pagdating ng maturity ng ating pagsapi.

- PAG-HIRAM NG HALAGA SA PANAHON NG PANGANGAILANGAN.

  - Makakahiram tayo bilang kasapi kung may mga maliliit tayong pangangailangan sa mababang patubo lamang.
  - Kung nais nating makapagnegosyo makakahiram tayo ng puhunan.
  - Kung malaki naman ang kailangan natin, basta't may katiyakan (kolateral) walang problema upang hindi tayo makahiram basta't nakapasa tayo sa pamantayan at dokumentong kailangan.

## II. AREA REPRESENTATIVES

AR- Kinatawan ng PFMBAI na siyang nakikipag-ugnay sa mga kasapi.

A. TUNGKULIN :

- May kakayahang magpaliwanag sa mga tao tungkol sa kabuuang kaalaman ng Praxis Fides.
- Mangalap/manghikayat ng mga kasapi .
- Kumolekta ng buwanang hulog (kontribusyon o bayad-utang).
- Gumawa ng kaukulang paper works (resibo, abstract, deposit slip at iba pa na kailangan.)
- Isumite /ibigay ito sa kinauukulan (kasapi, AC, o tanggapan).

B. GAMPANIN :

- Dumalo sa lahat ng pulong na ipinatawag ng AC at/o punong tanggapan

  (Gen. Assembly, ARs Assembly, meeting, seminars etc.)
- Tumulong sa mga kasaping nagnanais na makapangutang sa PFMBAI.

  (pagnenegosyo, pagpapa-aral, agrikultura,pangkagipitan iba pa.)
- Tumulong sa tanggapan na maningil sa mga kasaping nakalilimot sa kanilang pananagutan sa PFMBAI.
- Subaybayan ang lahat ng mga kasapi lalo na ang mga hindi gaanong aktibo sa paghuhulog.
- Buuin ang mga kasapi bilang isang komunidad na maaaring magkatulungan/ magbahaginan.

C. PANANAGUTAN :

- Na anumang hulog o kontribusyon mula sa kasapi ay dapat

maibigay sa kanyang AC sa loob ng 3 araw at ang AC naman sa tanggapan sa loob ng 2 araw.

- Na anumang hindi magandang pangyayari sa kanyang koleksyon dahil sa kanyang kapabayaan ay kanyang pananagutan.
- Na tiyaking ang isang tao na nais sumapi sa PFMBAI ay walang malubhang sakit o karamdaman.
- Na tiyaking ang isang kasapi ay karapat dapat na pautangin ng PFMBAI lalo na kung ito ay may kolateral.
- Na iwasang magkalat ng hindi magandang balita tungkol sa PFMBAI lalo na kung walang sapat na batayan.

## III. BENEPISYONG DAPAT TANGGAPIN:

A. Benepisyong Medikal

1. Kuwalipikasyon – may isang taon nang naglilingkod sa PFMBAI bilang AR.

   - Kailangang may 100 aktibong kasapi (paunang kasapi- 10)
   - Kung 50 ang aktibong kasapi – ½ unit
   - Kung 100 ang aktibong kasapi – 1 unit
   - Kung 250 ang aktibong kasapi – 2 units
   - Kung 500 ang aktibong kasapi – 3 units

2. Benepisyong tatanggapin – Pagpapaospital, out-patient at pagpapalibing (kung namatay)

   - Talaan :

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Units | 0.5 | 1 | 2 | 3 |
| Criteria - (Active Members) | 50 – 99 | 100 – 250 | 251 - 500 | over 500 |

1.1 Pagpapaospital

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ordinaryong kaso | : 3,750.00 | : 7,500.00 | : 15,000.00 | : 22,500.00 |
| Operasyon | : 5,000.00 | : 10,000.00 | : 20,000.00 | : 30,000.00 |
| Catasthrophic | : 8,500.00 | : 17,000.00 | : 34,000.00 | : 51,000.00 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1.2 Mortuary | : 15,000.00 | : 30,000.00 | : 60,000.00 | : 90,000.00 |

1.3 Out-patient or No confinement :

- Tanging ang kuwalipikadong ARs at ACs lamang na nangangailangan ng laboratory test, pagpapagamot o check-up ang maaaring makapag-refund na may kabuuang halaga na hindi hihigit sa Php 5,000.00 bawat calendar year. (ito ba ay pang 1 unit lamang)

1.4 Ang mga dependents o beneficiary (asawa o anak na hindi hihigit sa 20 taon) ay maaaring makakuha ng tulong para sa pagpapaospital.

2. Seguro sa aksidente (accident insurance) :

> Ang aktibong AR na higit ng isang taon at may 50+ aktibong kasapi ay maaaring makakuha ng Php 10,000.00 accident insurance. (partial, total disability o life)

3. Support Loan :

3.1 Ang aktibong AR na may average incentive na Php 1,500.00 sa loob ng 6 na buwan ay maaaring mag-apply at maaprubahan ng support fund loan.

3.2 Ang pinakamababang pag-utang ay Php 5,000.00 (min) at ang pinakamalaki ay Php 20,000.00 (max).

3.3 Maaring makautang ng Php 30,000.00 hanggang Php 50,000.00 ang isang AR kung ang kanyang average monthly production ng MC ay umabot ng Php 100,000.00 sa loob ng isang (1) taon.

3.4 Ang dapat paggamitan ng support fund loan ay pangangailangang medikal, pagpapaaral at emergency

lamang.

3.5 Kailangang may rekomendasyon mula sa kanyang Area Coordinator at magiging co-maker nito at ginagarantiyahang ito'y maisasauli sa tamang panahon.

4. Donasyon - Kung namatayan ang pamilya ng aktibong AR, AC, Staff o BOT :

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.1 | Sarili | - | Php 10,000.00 |
| 4.2 | Asawa | - | 5,000.00 |
| 4.3 | Magulang | - | 2,000.00 |
| 4.4 | Anak | - | 2,000.00 |
| 4.5 | Kapatid | - | 2,000.00 |

4. Paalam Gifts : Cash benefit sa panahon ng pagreretiro –higit 75 taon gulang ngunit kailangang hindi bababa sa 5 taon ang naging paglilingkod.

Katangian :

| Taon ng Panunungkulan | : | Bilang ng Kasapi | : | Average Production |
|---|---|---|---|---|
| 16 - 20 taon – 5,000.00 | : | Higit 100 kasapi – 5,000.00 | : | 100k pataas – 5,000.00 |
| 11 - 15 taon – 3,000.00 | : | higit 50 kasapi – 3,000.00 | : | 50k pataas – 3,000.00 |
| 5 - 10 taon – 2,000.00 | : | 50 kasapi pababa – 2,000.00 | : | 50k pababa – 2,000.00 |

6. Service Vehicle sa kuwalipikadong AR - sinumang AR na may 800 aktibong kasapi at may average monthly production ng MC na Php 100,000.0 sa loob ng nakaraang 3 buwang sunud-sunod.

7. Workforce Loan – may pribilehiyong makautang ang isang AR sa mababang patubo kung siya ay naka-isang taon na sa paglilingkod.

8. Minsanang Tulong pang-edukasyon (AR Educational Assistance) para sa mga aktibong AR (Performing ARs)- dapat na may buwanang bagong kasapi na hindi bababa sa apat (P4) na kasapi sa nakalipas na anim na buwan.

B. Benepisyong Pinansyal :

| Collections | | AR | | Collector |
|---|---|---|---|---|
| - Membership fee | : | 60% | : | |
| - Quota membership fee | : | 80% | : | |
| - Initial Monthly Cont. | : | 12% | : | |
| - Quota Initial Monthly Cont. | : | 33% | : | |
| - Single Premium | : | 6.50% | : | |
| - MC-Yr. 1(2nd to 12th mos.) | : | 6.00% | : | 8.00% |
| - MC- Yr. 2-5 (13th - 60th mos.) | : | 6.00% | : | 8.00% |
| - MC- Yr. 6-10 ( 61st - 120th mos.) | : | | : | 8.00% |
| - MC- Yr. 11-20 (121st - 240th mos.) | : | | : | 8.00% |

C. Iba pang mga Benepisyo:

- Sa mga bayad-utang 9%, 12%, 15% ng koleksyon (Collection Incentive) batay sa mabuting pagbabayad ng mga sinusubaybayang mga kasapi (mula sa interes ng utang.)
- Pribilehiyong makautang sa Support Fund sa maliit na patubo lamang (12% kada taon) ayon sa tinatanggap na incentives.
- Finder's fee- kapag nakahanap ng mangungutang, may porsiyento mula sa service fee.( Halimbawa sa utang na Php 1M =Php 10,000.00 ang service fee, hahatiin sa tatlo(3), Finder- 60%; AR- 30% at AC- 10% =100%
- Loyalty Incentive – ipinagkakaloob kung umabot na siya sa 10 at 20 taong sunod-sunod na paglilingkod .

D. Kaparusahan sa isang Area Representative:

| Pagkakasala | Parusa |
|---|---|
| 1. Hindi pagre-remit ng koleksyon sa loob ng 3 araw kung AR at 2 araw kung AC. | Unang paglabag: Pagsasabihan ng AC o Comptroller kung AC ang lumabag |

| | |
|---|---|
| | Ika-2 paglabag:<br>Malalagay sa mga pangalan ng AR/AC na hindi nagreremit ng koleksyon sa tamang panahon, hindi na maiissuehan ng OR booklet, at hinto na rin ang mga benefits.<br><br>Ika-3 paglabag:<br>Tatanggalin na bilang AR/AC |
| 2. Nawawala o hindi naitalang pagbibigay ng OR (resibo) kaya't hindi maibalik sa itinakdang panahon ng PFO. | Unang paglabag:<br>pag-gawa ng sulat-paliwanag, multang P 5,000 per booklet, at imbestigasyon<br><br>Ika-2 paglabag:<br>multang P 10,000 per booklet, imbestigasyon, at sasailalim sa retraining<br><br>Ika-3 paglabag:<br>Tatanggalin na bilang AR at multang P 10,000 per booklet. |
| 3. Pandaraya at hindi magandang gawain tulad ng paghuwad ng dokumento-pagsapi at pag-utang, pagdispalko at kawalang katapatan sa paggamit ng pag-aari ng kumpanya tulad ng koleksyon, resibo at booklet. | Unang paglabag:<br>Pagtanggal bilang AR/AC |

## IV. PAKIKIPAG-UGNAYAN NG ISANG AR :

a. Sa kanyang AREA COORDINATOR:

- Sumunod sa patakarang itinakda.
- Pagdalo sa regular na pulong.
- Pagdalo sa mga pagtitipon at pag-aaral para sa mga AR.
- Pagsunod sa mga alituntuning itinakda ng kanyang AC.
- Palagiang pagre-remit ng collection "on time" sa kanyang AC.
- Palagiang komunikasyon sa kanyang AC lalo na kung may problema.
- Pagsasauli ng OR booklet/s "on time".

b. Sa kanyang kapwa AR:

- Huwag siraan ang kapwa AR sa ibang tao, kung may problema ipag-bigay- alam sa AC.
- Iwasang himukin ang isang tao na sa kanya sumapi kung may nauna na sa kanyang kapwa AR.
- Tumulong sa kapwa AR lalo na sa panahon ng pangangailangan.

c. Sa kanyang mga KASAPI :

- Pagpaliwanagang mabuti ang kasapi sa lahat ng bagay tungkol sa PFMBAI lalo na sa benepisyong hatid ng PFMBAI.
- Tulungan ang mga kasapi na makuha ang mga benepisyong nakalaan sa kanya, halimbawa : seguro kung namatay ang kasapi, pag-utang sa panahon ng kagipitan at pangangailangan.
- Pagkakaroon at pagpapanatili ng "Members Logbook" na naglalaman ng sariling talaan ng kanyang mga kasapi. Dahil dito'y masusubaybayan ng AR ang bawat libang hulog ng kasapi.

# ANG PAGSAPI SA PRAXIS FIDES

1. Sino ang maaaring sumapi ?

   - Sinomang nais makiisa sa pananaw ,misyon at layunin.
   - Mula bata (zero age) hanggang matanda na nasa 54 na taong gulang, at 11 buwan.

2. Paano ang pagsapi ?

   - Makipag-ugnay sa itinalagang Area Representative (AR) sa inyong lugar.
   - Humingi ng application form at sagutan ng buong katapatan ang lahat ng katanungan.
   - Magbayad ng membership fee na halagang Php 50.00 at piliin ang plano ayon sa iyong kakayahang magbayad. (buwanan, quarterly, taunan, o single premium)

3. Ano-ano ang mga benepisyong maaaring tanggapin bilang kasapi?

   - Mataas na kita sa ipon (equity) mula 10% hanggang 14% kada taon.
   - Seguro-sa- buhay- walang eksameng medikal, na hanggang Php 200,000.00 lamang ang pinakamalaking seguro depende sa plano at paghuhulog. Contestability period –dalawang taon (2) at kung hindi umabot sa 2 taon at namatay ay sasailalim sa imbestigasyong medikal.
   - Pensyon – ito'y ang pagtanggap ng buwanan, ngunit maaring LumpSum o' kunin ng lahatan pagsapit ng MAturity Period ng plano. (20 taon ang pinakamatagal at 9 na taon ang pinakamabilis).
   - Pagkakataong makautang – bukas sa lahat ng kasaping nasa mabuting katayuan
     - Para sa negosyo, pagpapaaral, agrikultura, pangkagipitan at iba pa.

- Tanging kasapi lamang ang maaaring makautang sa sandaling umabot ang equity sa isang libong piso para sa certificate loan , 90% ng equity kung ang term ay 6 na buwan lamang at 80% ng equity kung isang taong magbabayad.
- Mortgage loan (Real estate)- Ang loanable ay 70% ng estimated market value (EMV) ng kolateral o anomang pagtibayin ng Board of Trustees. Ang tagal ng pagbabayad ay mula 1-5 taon.
- Car Financing – Ang maaring iapply ng loan ay 80% ng halaga ng sasakyang bibilhin, brand new o second hand na di hihigit sa 2 taon (Borrower ang sagot sa 20%). Dapat ay may comprehensive insurance coverage ang sasakyan.
- Abot-kayang interest -10%-16% kada taon
- Mabilis na serbisyo- mga 30 minuto para sa express certificate loan.
- Ang kasapi ay kamay-ari kaya't siya rin ang makikinabang ng interest.
- Maaaring utangin ng magulang o payor ang equity ng menor de edad (0-17 years old.)

4. Ang Konsepto ng Ipon :

- Halimbawa, nagbigay kayo ng isang daang piso (Php 100.00)bilang buwanang hulog tatanggalin dito ang 20 bahagdan (20%) bilang expense load at halagang dalawampu't dalawang piso at limampung sentimo(Php 22.50) bilang bayad sa inyong seguro ,samakatuwid ang natitirang limampu't pitong piso at limampung sentimo (Php 57.50) ang inyong net contribution na nadaragdag sa inyong equity, at ito ang lumalago.
- General Fund//Expense load:

    - 20% kung buwanang hulog at  10% kung minsanan (single premium)

- Insurance Premium:

    - Formula : IP = P0.00075 per P1 insurance
      P0.75 for 1,000.00 insurance
      or P 7.50 for p 10,000.00 insurance
      or P 22.50 for P 30,000.00 insurance

5. Para sa Karagdagang kaalaman :

- Makipag-alam sa inyong Area Representative/ Coordinator
- Magsadya sa PRAXIS FIDES OFFICE #35 Paseo del Congreso, City of Malolos
- Tumawag sa telepono blg. (044) 791-3558, (044) 662-4288, Telefax (044) 662-4019
- Website:www.praxisfides.webs.com

6. SATELLITE OFFICES:

- Angat (Herminia C. Mirandilla) – 379 Marungko, Angat, Bulacan
  Contact Number-09166400943 / 09178316707
- Balagtas (Lilia Wenceslao) -301 Calumpang, Panginay, Balagtas, Bulacan
  Contact Number: 09323840278 /09154176020
- Baliuag (Leoncia San Jose) 224 Sullivan, Baliuag, Bulacan
  Contact Number: 09166400942 /09336575351
- Bulacan Military Area (Marsha V. Samonte)- 98 Balagtas BMA, SRA, Bulacan
  Contact Number:09328913561 /09237014876
- Bocaue (Ruperto G. Dela Cruz) -144, Duhat, Bocaue, Bulacan
  Contact Number: 09166400956
- Bustos (Leonora DS San Juan) –Liciada, Bustos, Bulacan
  Contact Number:09178400952
- Bulacan (Jennifer Cunanan) -1007 Sta. Ana, Bulakan, Bulacan
  Contact Number:09232483272

- Calumpit (Margarita Mercado) -75 Palimbang, Calumpit, Bulacan
  Contact Number:09228107355 /09053892508
- Hagonoy (Antonio “Bong”Juliano) Sucol, San Sebastian, Hagonoy, Bulacan
  Contact Number : 0917-640-0967
- Malolos (Donna Mendoza) Sto. Rosario, Malolos City
  Contact Number:09158383143 /09228759697
- Marilao (Eugenia Montefalcon) –Prenza II, Marilao, Bulacan
  Contact Number :09226266847 /09165253588
- Pandi (Maxima Salhay) Poblacion, Pandi, Bulacan
  Contact Number :09335680699 /09178132972
- Paombong ( Isabelita Domingo)- Malumot, Paombong, Bulacan
  Contact Number:09166400959
- Pulong Buhangin (Monica Capablanca)-Km.38 Pulong Buhangin, Sta. Maria, Bulacan
  Contact Number:09166400958
- San Ildefonso (Susan Geronimo)-Poblacion, San Ildefonso, Bulacan
  Contact Number:09065654418
- San Jose Del Monte( Emy Pasco)-420 San Ignacio St. Pob., SJDM, Bulacan
  Contact Number: 09175308319 /09328920054
- San Rafael (Marlene M. Varilla)-100 Pulo, San Rafael, Bulacan
  Contact Number:09064083303
- San Miguel (Fernando P. Galang)- Sibul, San Miguel, Bulacan
  Contact Number:09153925933
- Sta. Maria (Eduardo Santos)-162 Camangyanan, Sta. Maria, Bulacan
  Contact Number:09166400941 / 09323273299
- Valenzuela (Primitiva Bautista)-Maysan, Valenzuela, Metro Manila
  Contact Number: 09166400969

# MGA PLANO

| PLANO (1) (HULOG) | SEGURO (2) | HULOG sa | TOTAL na HULOG | MATURITY | EQUITY (3) | | SP (4) | SP @ 12% EQ=>100k |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | @ 12% p.a. | @ 14% p.a. | | |
| R20/20 (P 100/bu.) | 30,000 | 20 Taon | 24,000 | 20 Taon | 49,716 | P62,807.20 | 10,000 | 16,000 |
| R05/20 (P 200/bu.) | 30,000 | 5 Taon | 12,000 | 20 Taon | 46,102 | 64,356 | 10,000 | 16,000 |
| R10/20 (P 200/bu.) | 30,000 | 10 Taon | 24,000 | 20 Taon | 84,624 | 112,125 | 14,000 | 16,000 |
| R10/10 (P 500/bu.) | 50,000 | 10 Taon | 60,000 | 10 Taon | 76,337 | 84,117 | 34,000 | 44,000 |
| R05/10 (P 850/bu.) | 100,000 | 5 Taon | 51,000 | 10 Taon | 74,878 | 85,617 | 35,000 | 47,000 |
| Sp20000 (P 20,000) | 30,000 | 20 Taon | 20,000 | 20 Taon | 133,520 | 189,441 | - | - |

1. Maaring maging kasapi ang wala pang isang taong gulang hanggang 54 taong gulang.
2. Ang seguro sa buhay sa edad 0<18 ay P10,000 pag tungtong ng 18 taong gulang, ayon sa takda sa itaas.
3. Ang paglaki ng Equity ay hindi piho kundi batay sa aktual na kita ng Asosasyon. Ang 12% at 14% ay mga assumptions lamang.
4. Ang "SP" ay katumbas ng " Single Premium". Ang "SP@12% ay minsanan din, na ang Eq sa 12%=>P100k.

# MGA DAGDAG NA PLANO

| PLANO | Regular Hulog/ bu. | (5 Taon) | SP Minsanan | Diskwento | Taon ng Hintay* |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| RO5/17 | 255 | 15,300 | 10,600 | 31% | 12 |
| RO5/16 | 280 | 16,800 | 11,610 | 31% | 11 |
| RO5/15 | 305 | 18,300 | 12,750 | 30% | 10 |
| RO5/14 | 335 | 20,100 | 14,020 | 30% | 9 |
| RO5/13 | 365 | 21,900 | 15,450 | 29% | 8 |
| RO5/12 | 405 | 24,300 | 17,060 | 30% | 7 |
| RO5/11 | 450 | 27,000 | 18,860 | 30% | 6 |
| RO5/10 | 515 | 30,900 | 20,860 | 32% | 5 |
| RO5/09 | 600 | 36,000 | 23,110 | 36% | 4 |

### Mga Katangian

* Maghulog ng 5 taon; pagdating ng 'maturity', di kaya'y buwanan sa loob ng 5 taon.
* Ang benepisyo, batay sa kita: (n)

| | 12% taon | 14% taon |
|---|---|---|
| Bawat buwan, minimo | 1,000 | 1,200 |
| Bawat semester, | 6,000 | 7,200 |
| katumbas ng taunan, | 12,000 | 14,400 |
| katumbas ng Total sa 5 taon, minimo | 60,000 | 72,000 |

(n) kung di kikita ng minimong 12% p.a. liliit nang konti.

* Pag namatay sa panahon ng paghuhulog, wala nang dapat pang bayaran.
* Meron ding "burial expense" na P20,000.00, mula unang pagkahulog hanggang 'maturity'.

* kung 'SP/minsanan', magdagdag ng 5 taon sa "Taon ng Hintay"
* Dahil ito'y planong pang-pensyon, maari ring kunin ng "lump sum", ngunit huwag asahan ang nakatakdang tatanggapin.
* Maaaring utangin sa panahon ng paghuhulog, kung nag pe-pensyon na ay hindi na mauutang.

# GABAY SA PAGTANGGAP NG

# LOANS

## Konsepto at Kahalagahan ng Pagpapautang

**Ano ang konsepto ng pagpapautang ng Praxis Fides?**

Ang konsepto ng pagpapautang ng Praxis Fides MBAI ay upang mapalakas ang pinansyal na katayuan ng samahan. Upang makatulong sa mga kasapi sa oras ng pangangailangan.

**Anu- ano ang benepisyo ng pagpapautang ng Praxis Fides MBAI?**

1. Ang pagpapautang ng Praxis Fides MBAI ay ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng asosasyon. Ang kikitain ng asosasyon sa pagpapa-utang ay nababalik din sa mga kasapi. (Dividendo)
2. Upang makatulong sa mga kasapi na mapa-unlad ang kanilang pamumuhay, sa pamamagitan ng pautang ng Praxis Fides MBAI ay magagamit ito ng mga miyembro sa mas mababang interest rate.
3. Ang termino ng pautang sa Praxis Fides MBAI ay mas maiksi kumpara sa mga bangko o coop sa kadahilanan na magamit din ng iba pang miyembro ang pera ng asosasyon.
4. Makakaiwas ang mga kasapi sa mataas na patubo mula sa nagsasamantala sa oras ng kagyat na pangangailangan ng tao.
5. Certificate/ Equity Loan- Siguradong magagamit ang inuutang sa panahon ng pangangailangan dahil sa mabilis na serbisyo.
6. Ang nakikinabang at gumagamit ng pera ng asosasyon ay mismong mga kasapi lamang na siya ring kamay- ari ng samahan.

## BAKIT SA PRAXIS FIDES MBAI?

| | PRAXIS | BANK/ COOP | TAO |
|---|---|---|---|
| Interest Rate | Diminishing rate | Straight/ Diminishing rate. With advance interest | 10% interest/ mo. 1 month advance interest |
| Service Fee | 3% | 2x to 3x a year | n/a |
| CI Fee | 2,000.00 | 3,000.00 | n/a |
| Penalty | Up to 50% discount | Fixed penalty | Fixed penalty |
| Insurance | Yes | Yes | No |
| Insurance Processing | 1 month | Minimum 2 months processing | |
| Termination | No - pre termination fee | Pre termination fee P5,000.00 | |
| Income as Dividend | Equally divided to members | Equally divided on BOD/ members/ Stockholders | Owner |
| Rate | 10% & up | 0.75% | No |

- Oo nga't mas maliit ang interest ng mga bangko sa kadahilanang ang mga Stockholder lamang nito ang kumikita.
  Sa Praxis Fides lahat ng miyembro ay kamay- ari, may pantay pantay na benepisyo.
- Di hamak na mas mababa ang CI fee ng Praxis Fides. Ito rin ay refundable kung sakaling mai-release ang kanyang loan.
- Mahalagang magkaroon ng proteksyon ang borrower, tulong ito kung mayroong di inaasahang pangyayari. (Death claim)
- Ang bangko/ Coop at tao ay mas pinahahaba ang termino ng loans, ngunit ang layunin ng Praxis Fides MBAI ay makabayad sa mas maiksing panahon upang makinabang lahat.
- Di ba mas magandang malaman na ang lahat ng kita ng Praxis Fides MBAI ay nahahati para sa lahat ng miyembro nito?

- At ang Praxis Fides ay saklaw ng Insurance Commission. Hindi nagpapautang ang Praxis Fides MBAI ng walang anumang panagot (Equity, Collateral). Katulad sa Certificate o Equity loan pera lamang ng miyembro ang kanyang nagagamit. Sa collateral loan naman ay 40%-70% lamang ang maximum na kanyang puwedeng mai-loan depende sa pagkaka CI nito. Lahat ng titulo ay pinatatatakan sa Registry of Deeds (RD) upang maging lehitimo ang pagkakautang, ang Insurance Commission (IC) ang siyang tumitingin o nagsusuri ng bawat titulo kung mayroon at/o tama ang pagkakatatak nito.

## URI NG MGA PAUTANG

1. **Certificate/ Equity Loan**
   - Ito ay base sa ating ipon o net equity.
   - 90% ng equity ang puwedeng mai-loan kung sa loob ng 6 na buwan babayaran.
   - 80% ng equity ang puwedeng mai-loan kung sa loob ng 12 na buwan babayaran.

2. **Collateral Loan**
   - Ito ay ginagamitan ng Land title.
     (Malakihang pautang kung hindi sapat ang equity loan).
   - Mga puwedeng gamitan ng Land title: Negosyo, Pagawaing bahay, Pagpapagamot, Pagbili ng bahay at lupa, Pambayad utang atpb...

3. **Chattel Mortgage**
   - Ito ang uri ng pautang sa Car financing. (Pagbili ng sasakyan).
   - Pagbili ng Brand new at sasakyan na dalawang taong pa lamang.

### Mga katanungan

**Anu ano ang mga kailangan upang mautang ang Certificate/Equity?**

1. Kinakailangan ay miyembro, dahil mga miyembro lamang ang may pribilehiyong makapag loan.
2. Mga miyembro na may equity na P1,000.00 pataas lamang ang maaaring mag loan.
3. Kailangang magfill-up ng application form na may rekomendasyon

ng AR. Kumpletuhin ang detalye.

**Kung mismong miyembro ang mangungutang?**

1. Application form
2. Dalawang (2) valid id.

**Kung hindi maaaring makapunta ang miyembro sa tanggapan?**

Immediate family lamang ang maaaring italaga. (Magulang, Kapatid at asawa lamang)

1. Application form na pirmado ng miyembro.
2. Dalawang (2) valid id ng miyembro, may pirma sa xerox copy
3. Dalawang (2) valid id ng itinalaga, may pirma sa xerox copy
4. Authorization letter pirmado ng miyembro at ng itinalaga.

**Paano kung nasa ibang bansa ang miyembro at biglaan itong kailanganin?**

Ang mismong miyembro parin ang kinakailangan na makapagsumite ng mga requirements. Paano?

1. Kung ang miyembro ay nasa malayong lugar o nasa ibang bansa.
    - Maaari siyang makapagfill up ng application sa pamamagitan ng ating website (www.praxisfides.webs.com) i-download and "Downloadable Form/s, Loan Application form".
    - Fill up at i-scan at isend sa email ng Praxis Fides (praxisfides@gmail.com)
    - Kailangan din ng attachment ng valid id.
    - Kailangan ding magpadala ng authorization letter na may lagda at ipadala rin sa email. Siguraduhing may contact number ang inyong itinatalaga upang matawagan ng tanggapan at mai-proseso ang loan.

**Anu ano ang termino ng pag utang ng Certificate/Equity loan, Ilang percent (%) ang Interest nito at ilang percent ang loanable amount at ano pa ang ibang kinakaltas?**

**STRAIGHT INTEREST RATE**

| Bilang ng Buwan | Paraan ng pagbabayad | Interest | Loanable Amount | Service Fee | Penalty |
|---|---|---|---|---|---|
| 6 | Buwanan | 5% | 90% | 2% | 1.5% |

| Bilang ng Buwan | Paraan ng pagbabayad | Interest | Loanable Amount | Service Fee | Penalty |
|---|---|---|---|---|---|
| 12 | Buwanan | 10% | 80% | 3% | 1.5% |
| 6 | Minsanan | 7% | 90% | 2% | 2% |
| 12 | Minsanan | 14% | 80% | 3% | 2% |

**Gaano katagal ang proseso ng Certificate/ Equity?**
Basta kumpleto ang mga requirements ay mai-poproseso ito sa loob ng 30 minuto (Pinakamatagal) Depende sa dami.

**Maaari bang mai-loan ang certificate/ equity ng menor de edad?**
Puwede. Ang payor lamang ang awtorisadong makapangutang.

**Paano kung nasa legal na edad na ang miyembro sino na ang awtorisadong makapangutang?**
Maari ng gamitin ng miyembro ang kanyang certificate/ equity upang magamit sa pangungutang. Subalit nagkakaroon ng "restriction" kapag ito ay minarkahan ng payor na hindi parin ito maaaring magamit ng miyembro kahit siya pa ay nasa legal na edad na.

**Paano kung may balanse pa at nais na itong gamitin ulit?**
Maaari itong mangyari.

1. Kung ang borrower ay bayad na ng 25% ng kanyang principal at interest.
2. Bayaran lamang ang natitirang balanse at maaari na itong mai-utang ulit.
3. Kung mas maliit ang inutang noong una kumpara sa kanyang equity.

**Paano kung matured na ang plano puwede ba itong mai-loan?**
Hindi na maaaring mai-utang ang kanyang certificate o equity. Kung kakailanganin ay withdrawhin nalang lahat.

**Maaari bang maipangalan sa AR ang tseke ng inuutang?**
Hindi. Pinangangalagaan ng tanggapan ang lahat ng mga kasapi.

# GABAY SA PAGTANGGAP NG

# COLLATERAL AT CHATTEL LOANS

Ang collateral at chattel loans ay pumapangalaawa sa kita ng asosasyon. Mahigit kumulang 20% ng kita sa pautang ay nanggagaling dito.

## 3 C's OF COLLATERAL LOAN

1. **Collateral**
   - Seguro o Panagot sa utang.
   - Maganda ang lokasyon at di bahain,
   - May minimum na 3 meters ROW.
   - House and Lot: 70% ng market value ang maximum na puwedeng mai-loan (Mismong ang bibilin ang dapat gamitin bilang collateral).
   - Residential: 50% ng market value ang maximum na puwedeng mai-loan.
   - Agriland: 40% ng market value ang maximum na pwedeng mai-loan.
   - Improvements: 25% lamang ng loanable amount ang maaaring idagdag. At kailangang ipa-insured ang nasabing improvement/s.

2. **Capacity**
   - Kakayahan sa pagbabayad ng utang sa maiksing panahon.
   - Source of income ng borrower. Sinusuri ng tanggapan kung may kapasidad ang isang miyembro na mabayaran sa tamang panahon ang pagkakautang nito, tandaan na

pinangangalagaan ng Praxis Fides MBAI ang pinansyal na katayuan ng asosasyon.

3. **Character**
   - Pag-uugali ng borrower.
   - Mabuting kasapi at may magandang reputasyon.

**Anu ano ang term ng pag utang ng Collateral at Chattel loan, Ilang percent ang Interest nito at ano pa ang ibang kinakaltas at ilang percent ang loanable?**

**INTEREST RATE: DIMINISHING RATE**

| Klase | Term | Rate | Service Fee |
|---|---|---|---|
| Collateral/ Regular | 1-5 taon | 16% | Kung mahigit sa Million 3%-2%-1% |
| New loan Products | 1-10 taon | 12% | Kung mahigit sa Million 3%-2%-1% |

**Anu- ano ang mga mababawas sa inutang?**
**Halimbawa sa pagtuos:**

Principal: 100,000.00
Deductions

| | | | |
|---|---|---|---|
| Prin: | P | 100,000.00 | |
| S.F.(3%) | P | 3,000.00 | |
| Loan Ins. (.00996) | P | 996.00 | |
| Notarial Fee: | P | 200.00 | Ded: P 8,196.00 |
| RD-Annot Fee: (4%) | P | 4,000.00 | **Net: P 91,804.00** |

**Halimbawa sa pagtuos ng Service Fee (SF):**

Principal: P 2,500,000.00

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1st 1 Million: | (3% of P1,000,000.00) | = P | 30,000.00 |
| 2nd Million: | (2% of P1,000,000.00) | = P | 20,000.00 |
| 3rd Million: | (1% of P 500,000.00) | = P | 5,000.00 |
| | | **= P** | **55,000.00 / term** |

***Note: Service Fee:** Hanggang P60,000.00 lang ang maximum

# New LOANS PRODUCTS

## HOUSE AND LOT / CAR FINANCING

Noong nakaraang April 2013 ay naaprubahan ng Board of Trustees ang mas mababang interest rate at mas flexible na term para sa ating mga members. Ang Housing loan at Car financing ay binigyan ng mas mababang rate upang makapag-invest ang ating mga members lalo na ang mga seaman at OFW's.

### NEW LOAN PRODUCTS: PARA SA LAHAT NG MIYEMBRO

| KIND | SECURITY | RATE | TERM | % MAX. LOANABLE | Condition |
|---|---|---|---|---|---|
| Lot Only | Land title | 12% | 1-5 years | 70%- market value | Clean Title |
| H/L Loan | Land title | 12% | 1-10 years | 70%- market value | CleanTitle |
| Auto Loan | OR/ CR o Land title | 12% | 1-5 years | 80% | Bnew o 2nd hand (2 yrs. Old) |
| Motorcycle | OR/ CR | 12% | 1-3 years | 85% | Bnew only |

**ALL MEMBERS: Mga Paalala para Collateral at Chattel Loans.**
Ang <u>Loanable Amount ay hindi Net Proceeds</u>. Mula sa Loanable Amount ay iaawas ang mga deductions upang matuos ang inyong Net Proceeds.

**<u>Collateral Loan:</u>**

1. Depende sa halaga ng bibilhing property ang termino ng pagbabayad.
2. Kapag maximum na sa 70% ang prinispal na halaga ay hindi na maaaring isama ang halaga ng improvements (25% ng Prinisipal na halaga).
3. Kailangang magsumite ng "Fire Insurance Coverage" bilang additional requirement.

4. Kailangan ng DEED OF SALE. Na kapareha ng presyo ng bilihan ng lupa sa pagkakautang sa Praxis Fides.
5. Ang titulo ng mismong bibilhin lupa ang kailangang gamiting panagot. Ang lupa't bahay lamang ang mayroong hanggang 10 taon na termino at ito ay depende sa approval.
6. Ang renovation ng bahay ay hindi sakop ng House and Lot loan (New loan Product). Ang House and Lot loan ay pagbili ng lupa at pagpapagawa/ pagpapaumpisa ng bahay.

## Chattel o Car Financing Loan:

1. Kinakailangang kumuha ng COMPREHENSIVE Insurance ang borrower. (Bnew at 2nd hand)
2. P500,000.00 ang maximum na loanable amount.
3. Kapag 2nd hand ang bibilhing sasakyan kailangan na 2 taon pa lamang. Hindi maaaring surplus ang bibilhing sasakyan.
4. Sa mga motor ay hindi maaaring isama ang sidecar sa kabuuang pagbili ng motor.
5. Ang tanggapan lamang ang magpapasiya kung saan maaaring bumili o kumuha ng motor.
6. Hindi na tumatanggap ng PUJ, Truck.

## WORKFORCE: REGULAR STAFF; QUALIFIED AC/ AR LAMANG

| KIND | SECURITY | RATE | TERM | % MAX. LOANABLE | SF |
|---|---|---|---|---|---|
| Regular | Land title | 12% | 1-5 years | 50%-market value | 2% |
| Lot Only | Land Title | 10% | 1-5 years | 70%- market value | 2% |
| H/L Loan | Land Title | 10% | 1-5 years | 70%- market value | 2% |
| Auto Loan | OR/ CR | 10% | 1-5 years | 85% | 2% |
| Motorcycle | OR/ CR | 10% | 1-3 years | 90% | 2% |

## WORKFORCE: Mga Paalala para sa Collateral at Chattel Loans.

Ang Loanable Amount ay hindi Net Proceeds. Mula sa Loanable Amount ay

iaawas ang mga deductions upang matuos ang inyong Net Proceeds.

## Collateral Loan:

1. Depende sa halaga ng bibilhing property ang termino ng pagbabayad.
2. Kapag maximum na sa 70% ang prinsipal na halaga ay hindi na maaaring isama ng halaga ng improvements (25% ng Prinsipal na halaga).
3. Kailangang magsumite ng "Fire Insurance Coverage" bilang additional requirement.
4. Kailangan ng DEED OF SALE. Na kapareha ng presyo ng bilihan ng lupa sa pagkakautang sa Praxis Fides MBAI.
